

MGA DAPAT GAWIN UPANG MAKASALI SA PROGRAMA

- Ang mga maliliit na magsasaka na may Passbook at magtitinda sa NFA ay awtomatikong kasali at makakukuha ng pantawid pasahe mula sa programa.
- Ang mga maliliit na magsasaka o small farmers na wala pang Passbook sa NFA ay dapat matiyak na ang kanilang pangalan ay kasali sa talaan o General Masterlist na nauna ng isinumiti sa NFA. Upang makasiguro, dapat silang makipag-ugnayan sa opisina ng kanilang Municipal Agriculturist.
- Ang talaan ng mga pangalan (Masterlist) na nanggaling sa mga Municipal Agriculturists (MA) at Municipal Planning and Development Coordinators (MPDC) sa buong lalawigan ay nagsisilbing pansamantalang listahan ng mga kuwalipikadong magsasaka sa programa.

Iba pang mga benepisyo para sa mga magsasaka:

- *Ayuda sa Presyo (BRO-ASAP)*
- *Loan Assistance (BRO-LAMFP)*
- *Paneguro Sa Pananim (BRO-PSP)*
- *Livelihood Program (BRO-Livelihood)*
- *Healthcare (BRO-Healthcare)*
- *Animal Dispersal (BRO-Paiwi)*
- *Philhealth (BRO-PH M)*
- *Life & Accident Insurance (BRO-Insurance)*
- *SSS Insurance (BRO-SSS M)*
- *BRO for Education (BRO-ED)*
- *Housing Program (BRO-PAG-IBIG)*
- *BRO LUSOG*



MGA DAPAT SANGGUNIIN TUNGKOL SA PROGRAMA

JESSIE JAMES P. GERONIMO

Provincial Information Office
CP#09054902007

MANUEL S. ACIERTO

Office of the Provincial HealthCare
CP#09274294950

DANILO B. TUMAMAO

Office of the Provincial Agriculturist
CP#09172412231

DR. ANGELO C. NAUI

Office of the Provincial Veterinarian
CP#09178894603

MS. LILIA CASTILLO

Provincial Cooperative Development Office
CP#09158608020

ALL BRO PERSONNEL

Tel/Fax#078-323-2598

PARA SA MGA KATANUNGAN,
TUMAWAG O MAG TEXT SA
CP # 0917-809-3178



Republic of the Philippines
PROVINCE OF ISABELA
City of Ilagan



Pantawid
Pamasaha
Program
(BRO PPP)



- Ang lalawigan ng Isabela ay may humigit-kumulang siyamnapung libong magsasaka ng palay at gayunding dami ng magsasaka ng mais. Halos limampung porsiyento (50%) nito ay mga maliliit na magsasaka na ang lawak ng kanilang bukid ay mula $\frac{1}{4}$ hangang 1.0 ektarya.
- Ang kontribusyon nila sa kabuuang taunang produksiyon ng palay o mais ay umaabot ng apatnapung porsiyento (40%) at dito nanggagaling ang mataas na surplus o sobra na siya namang kinukunsumo sa maraming dako ng bansa.
- Subalit ang maliliit na magsasakang ito ay nanatiling mahihirap dahil sa iilan at hindi komprehensibong tulong upang maging maaliwalas ang kanilang pamumuhay.
- Ang tambalang Dy-Albano sa kanilang pamumuno ay nagtakda ng mga programa na tutugon sa mga pangunahing pangangailangan ng mga magsasaka para tumaas ang kanilang ani na lubhang kailangan sa seguridad sa pagkain ng bansa, bawasan ang gastusin at mapataas ang kita o kanilang ipon.
- Isa sa mga programang ito ay ang BRO Pantawid Pamasaha Program o BRO-PPP.

ANG PANTAWID PAMASAHE PROGRAM

Ang BRO – PPP ay isa sa mga kaagapay na programang kasalukuyang namamahala sa lalawigan ng Isabela para sa mga maliliit na magsasaka.

Ito ay ang pagkakaloob ng limampung sentimo (PhP0.50) bawat kilo ng palay o mais na ibebenta sa National Food Administration o NFA ng mga kuwalipikadong magsasaka.

LAYUNIN NG PROGRAMA

Makatulong sa pagbawas sa gastusin sa pamasaha o transportasyon sa pagdala at pagbenta sa NFA ng palay o mais ng mga maliliit na magsasaka.

Madagdagan ang kita sa paraang ang nabawas na gastos pamasaha ay maging kanilang “ipon o savings” na lamang.

Mabigyan ng karagdagang insentibo sa mahalagang gampanin at malaking kontribusyon ng mga maliliit na magsasaka na siyang nangangalaga, nagpaparami at nagpapanatili ng saganang suplay ng mataas na uri ng pagkaing bigas at produktong mais sa lalawigan at sa buong bansa.

MGA MAKIKINABANG SA PROGRAMA

- Ang mga maliliit na magsasaka na nagtatanim ng palay at mais na ang lawak ng kanilang bukid ay mula $\frac{1}{4}$ hangang 1.0 ektarya na magbebenta ng palay o mais sa NFA.

MGA BENEPISYO MULA SA PROGRAMA

- PhP750.00 pantawid pamasaha sa palay o mais sa mga maliliit na magsasaka mula sa 30 kabanes palay at 30 kabanes mais, tuyo na may timbang na 50 kilo humigit-kumulang bawat sako na ititinda sa NFA. Ito ay idadagdag ng NFA sa kabuuang bayad sa palay o mais na ibinenta.

